Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 10
## Week 6: Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop sa Tahanan (Agrikultura)



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 10: Kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Princes Grace V. Torda |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Susan C. Sabacajan<br>Rocelyn G. Garrcesa |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III<br>*Regional Director* |
| Co-Chairperson: | Dr. Victor G. De Gracia Jr., CESO V<br>*Asst. Regional Director* |
| | Rebonfamil R. Baguio<br>*Schools Division Superintendent* |
| | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| | Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD |
| Members: | Neil A. Improgo – EPS, LRMS<br>Bienvenido U. Tagolimot., Jr. – EPS, ADM<br>Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 10

## Week 6: Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop sa Tahanan (Agrikultura)

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

Panimula

Ang Modyul na ito ay inilahad upang maibahagi sa mga mag-aaral ang pag-aalaga ng mga hayop sa tahanan at ang kabutihang dulot nito.

Sa araling ito, lubos na binigyang-pansin ang pang-unawa sa kahalagahan ng mga hayop hindi lang sa ating kalusugan kundi pati na rin sa ating paghahapbuhay.



***Mga tala para sa Guro***

- Gawing kawili-wili at makabuluhan ang bawat pahina sa pagsagot;
- Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa bawat panuto upang lubos na maintindihan ang bawat gawain.



## *Alamin*

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Naipamamalas ang pang-unawa sa panimulang kaalaman sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan at mga maitutulong nito sa pag-unlad ng pamumuhay.

2. Natatalakay ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop sa tahanan.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:


- Basahin at unawaing mabuti ang aralin.

- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.

- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Bilugan ang tamang sagot.

1. Ito ay nagbibigay sa mag-anak ng sariwang itlog at karne.

   a. pusa  c. kambing
   b. aso  d. manok

2. Katulong natin sa pagsasaka ang alagang ito na nagbibigay sa atin ng sariwang gatas at karne.

   a. aso  c. manok
   b. baka  d. kambing

3. Nakatutulong ito sa pagtanggal ng *stress* at maaari ring pagkakakitaan ang alagang ito na humuhuni, umaawit, at ang iba ay nagsasalita.

   a. kambing  c. ibon
   b. isda  d. baboy

4. Ito ay kaibigan ng tao at tagabantay sa ating bahay.

   a. aso  c. palaka
   b. pusa  d. isda

5. Ang alagang ito ay nakakatanggal ng stress at tumutulong sa paghuli ng mga daga.

   a. aso  c. butiki
   b. pusa  d. manok

| Aralin 1 | Naiisa-isa ang Kabutihang Dulot ng Pag-aalaga ng Hayop sa Tahanan o sa Likod-Bahay |
|---|---|

Sa araling ito, lubos nating mauunawaan ang kahalagahan ng pag-aalaga ng mga hayop sa ating tahanan na magbibigay ng kasiyahan, libangan at mapagkakakitaan. Tatalakayin natin ang maaaring maidulot ng pag-aalaga ng hayop mabuti man o masama.




***Balikan***

**Panuto:** Ayusin ang mga titik upang matukoy ang tamang pangalan ng mga hayop na maaaring alagaan sa loob at labas ng bahay.

1. **O B N I** =
2. **N E K O H U** =
3. **W L A K B A A** =
4. **A B K A** =
5. **M I K B A G N** =

## *Tuklasin*

**Panuto:** Tingnang maigi ang mga hayop na nasa larawan at sagutin ang mga sumusunod na mga tanong.



1. Anu-anong mga hayop ang maaaring alagaan sa loob ng bahay at sa bakuran?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anu-ano ang mga hayop na hindi maaaring alagaan sa loob ng bahay?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Alin sa mga hayop na nasa mga larawan ang maaaring alagaan sa bakuran ng bahay?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano makatutulong sa iyong pamilya ang pag-aalaga ng hayop?

_______________________________________________

_______________________________________________

Pag-aalaga ng Hayop



Ang pag-aalaga ng hayop sa bahay ay may maraming maidudulot na kabutihan. Tulad ng pag-aalaga ng aso sa bahay, ito ay nakakatanggal ng stress at ayon sa mga pag-aaral ito rin ay nakapagpababa ng presyon ng dugo. Sila ay makakasama mo sa pag-eehersisyo at iba pang libangan. Ang aso ay tinatawag na pinakamatalik na kaibigan ng tao. Maraming pagkakataon na napatunayan ang katapatan ng aso bilang kaibigan. Mainam itong alagaan. Nakatutulong ito bilang gabay sa paglalakad at maging bantay ng tahanan.

Ang pusa ay isa ring hayop na mainam alagaan. Maraming tao ang nagsasabi na ang pag-aalaga rin ng pusa ay nakakatanggal ng stress at nakapagpababa ng dugo.


Ang pusa ay mabuti ring alagaan sa bukid dahil ito ay taga-huli ng daga at mabait kalaro ng mga bata.





Ang mga ibon bilang alagang hayop sa bahay ay madaling maturuan. Maraming ibon ang natututong magsalita. Sila rin ay natututong gumawa ng iba't ibang *tricks* kaya maraming tao ang nahuhumaling mag-alaga ng ibon. Sila ay madaling alagaan. Maliban sa nakapagdudulot ng kasiyahan sa nag-aalaga, ito rin ay maaaring pagkakakitaan.

Ang kuneho ay isa ring hayop na magandang alagaan sa bahay dahil sila ay *eco-friendly animals*. Mainam itong alagaan dahil mabait at nagbibigay ito ng masustansyang karne at hindi madaling dapuan ng sakit. Ang pagkain ng kuneho ay maaaring itanim sa ating mga bakuran dahil sila ay kumakain ng halamang dahon tulad ng letsugas, kangkong, at repolyo.



Hindi sila maselan sa pagkain, maaari silang bigyan ng butil ng mais o giniling na munggo.

Ang dumi ng kuneho ay maaaring ipunin at gawing pataba sa ornamental na halaman dahil ito ay mayaman sa nitrogen at phosphorus. Ang mga patapong bagay tulad ng lumang basahan, mga lumang kuwaderno at iba pa, ang gustong laruan ng mga kuneho.



## *Suriin*

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang hanay sa kanan kung ang pangungusap ay tama at ekis (x) naman kung mali.

| **Pangungusap** | |
|---|---|
| 1. Nakapagbibigay saya at nakakaalis ng inip ang mga alagang hayop. | |
| 2. Naglalaro din ang mga kuneho. | |
| 3. Nakakadagdag kita sa mag-anak ang pag-aalaga ng ibon. | |
| 4. Nakapagbibigay ang mga alagang hayop ng itlog at karne. | |
| 5. Hindi ka nakakapag-ehersisyo sa pag-aalaga ng mga hayop. | |
| 6. Ang mga huni ng ibon ay nakapagdudulot ng kasiyahan sa nag-aalaga. | |
| 7. Ang dumi ng kuneho ay maaaring ipunin at gawing pataba. | |
| 8. Masamang kasanayan sa bata ang magkaroon ng responsibilidad sa pag-aalaga ng mga hayop. | |
| 9. Ang pusa ay nakatutulong sa paghuli ng mga daga. | |
| 10. Ang mga kuneho ay hindi kumakain ng dahong letsugas. | |



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Talakayin ang kabutihang dulot ng mga alagang hayop gamit ang tsart na nasa ibaba.

| Pangalan ng Hayop | Kabutihang Naidudulot sa Tao |
|---|---|
| 1. manok | |
| 2. baka | |
| 3. ibon | |
| 4. aso | |
| 5. pusa | |



## *Isaisip*


**Panuto:** Basahing maigi ang mga tanong at sagutin. Ilagay ang sagot sa patlang.

1. Bakit itinuturing ang mga alagang hayop na magandang kasama sa bahay?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Kung ikaw ay mag-aalaga ng hayop, anu-ano ang mga kabutihang dulot nila sa iyo at sa iyong mag-anak?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________



## *Isagawa*

**Panuto:** Hanapin at bilugan ang mga hayop na maaari nating alagaan sa loob at labas ng ating bahay.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | J | D | E | A | K | A | B | K | O | E | D | X |
| A | G | A | H | R | J | I | P | O | N | M | S | C |
| A | S | O | H | B | S | X | T | F | E | P | F | B |
| F | Y | F | I | F | A | F | H | G | U | U | K | H |
| D | E | S | K | D | F | B | F | H | R | S | G | F |
| H | H | I | S | D | K | U | O | R | D | A | I | N |
| C | Q | B | W | H | T | D | D | Y | Y | C | F | D |
| B | D | O | U | F | F | R | T | E | L | G | B | E |
| U | J | N | O | M | W | D | H | F | K | D | V | H |
| S | X | H | A | S | W | A | B | A | L | A | K | F |
| K | K | N | V | X | F | T | G | G | D | G | R | D |
| D | O | G | S | G | U | D | E | H | T | E | F | G |
| K | E | S | K | U | N | E | H | O | U | V | E | D |
| O | G | F | O | U | E | E | R | U | E | J | B | G |
| D | P | V | W | G | D | D | R | E | R | R | I | G |
| G | N | I | B | M | A | k | F | G | F | F | B | X |

ASO
IBON
PUSA
MANOK
KALABAW
KAMBING
BAKA
BABOY
BIBE
KUNEHO



## ***Tayahin***

**Panuto:** Bilugan ang tamang sagot.

1. Katulong natin sa pagsasaka ang alagang ito na nagbibigay sa atin ng sariwang gatas at karne.

   a. aso — c. manok
   b. baka — d. kambing

**2.** Ito ay nagbibigay sa mag-anak ng sariwang itlog at karne.

   a. pusa — c. kambing
   b. aso — d. manok

3. Ito ay kaibigan ng tao at tagabantay sa ating bahay.

   a. aso — c. palaka
   c. pusa — d. isda

4. Ang alagang ito ay nakakatanggal ng stress at tumutulong sa paghuli ng mga daga.

   a. aso — c. butiki
   b. pusa — d. manok

5. Nakakatulong ito sa pagtanggal ng *stress* at maaari ring pagkakakitaan ang alagang ito n humuhuni, umaawit, at ang iba ay nagsasalita.

   a. kambing — c. ibon
   b. isda — d. baboy



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magbigay ng iba pang hayop na gusto mong alagaan sa inyong bahay at talakayin kung bakit iyon ang napili mo at ang kahalagahan nila sa inyong pamilya.

| **Pangalan ng Hayop** | **Kabutihang naidudulot sa inyong pamilya** |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



## ***Answer Key***

| Tayahin | Balikan | Suriin | Subukin |
|---|---|---|---|
| 1.B | 1.Ibon | 1./ | 1. D |
| 2.D | 2.Kuneho | 2.x | 2.B |
| 3.A | 3.Kalabaw | 3./ | 3.C |
| 4.B | 4.Baka | 4./ | 4.A |
| 5.C | 5.Kambing | 5.x | 5.B |
| | | 6 x | |
| | | 7 / | |
| | | 8 x | |
| | | 9 / | |
| | | 10 x | |

| Isagawa | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | J | D | E | A | K | A | B | K | O | E | D | X |
| A | G | A | H | R | J | I | P | O | N | M | S | C |
| A | S | O | H | B | S | X | T | F | E | P | F | B |
| F | Y | F | I | F | A | F | H | G | U | U | K | H |
| D | E | S | K | D | F | B | F | H | R | S | G | F |
| H | H | I | S | D | K | U | O | R | D | A | I | N |
| C | Q | B | W | H | T | D | D | Y | Y | C | F | D |
| B | D | O | U | F | F | R | T | E | L | G | B | E |
| U | J | N | O | M | W | D | H | F | K | D | V | H |
| S | X | H | A | S | W | A | B | A | L | A | K | F |
| K | K | N | V | X | F | T | G | G | D | G | R | D |
| D | O | G | S | G | U | D | E | H | T | E | F | G |
| K | E | S | K | U | N | E | H | O | U | A | E | D |
| O | G | F | O | U | E | E | R | U | E | J | B | G |
| D | P | V | W | G | D | D | R | E | R | R | I | G |
| G | N | I | B | M | A | k | F | G | F | F | B | X |

## *Sanggunian:*

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Kagamitan ng Mag-aaral pp. 399 - 403 Vibal Group, Inc.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Gabay sa Pagtuturo pp. 172 - 174. Vibal Group, Inc.

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.

DepEd Valencia City DLP pp. 106 – 109 Quarter 1

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615